# NPAs ng gobyerno ibebenta

'YUNG ari-arian ng gobyerno -- non-performing assets o NPAs -- na may halagang P800 milyon ay inokeyan na ng Privatization Council na ibenta.

Kailangan nangibenta ang NPAs kasi ginagastusan lang ng gobyerno na wala namang kapalit na pakinabang, sabi ni Finance Secretary Benjamin Diokno sa isang media conference kamakailan.

Mga ibebentang ari-arian ay ang sumusunod:

Al-Amanah Islamic Investment Bank of the Philippines sa Tugbok, Davao City na may fair market value (FMV) na P25.005 milyon.

At dalawa pang katulad na bangko sa Bato Road in Barangay Bato, Toril District, Davao City na isusubasta sa halagang P25.337-M.

Ibebenta rin ang e Central Bank — Board of Liquidators sa Pasay -- P1.920-M.

Dalawang pag-aaring Technology Resource Center sa Visayas, isa ay ibebenta ng P50.410-M at ang isa pa, P50.200-M.

Sa bibili ng mga pag-aaring ito ng pamahalaan, kailangan magbayad ng buwis at dagdag na 10 percent na administration fee sa Privatization and Management Office.

Target na makalikom ng l P1.9-Bilyon ngayong 2023 para matustusan at mapondohan ang marami pang proyekto ng pambansang pamahalaan, sabi pa ni Diokno.

# A Public Apology

See page 3



# Barzaga pinuri si Romualdez sa di pagpatol kay VP Sara

SA halip na patulan ang mga patutsada ni Vice President Sara Duterte, mas nag-ukol ng panahon si Speaker Ferdinand Martin Romualdez sa kanyang trabaho upang matalakay at maaprubahan ang maraming panukalang batas sa Kamara.

Ganito inilarawan ni 4th Cavite District Rep. Elpidio 'Pidi' Barzaga si Speaker Romualdez gitna ng umiinit na usapang politikal sa bansa.

Ayon kay Barzaga, kahit may mga patutsada laban kay Romualdez, nanatiling mahinahon ito at hindi nagpapahayag ng masama laban sa bise presidente.

Nagpapakita iyon ng malakas na karakter, sabi ni Barzaga.

"He never fired back with insults of his own. That shows strength of character," sabi ng kongresista ng Cavite.

Kilalang matikas na pinuno ng National Unity Party (NUP), sinabi ni Barzaga, kasalukuyang chairperson of the House Committee on Natural Resources, na dahil sa malakas na suporta ng iba-ibang partido political, naipasa agad ang mga panukalang nais ni Presidente Ferdinand Marcos Jr. at ng Legislative-Executive Development Advisory Council (LEDAC).

See page 2

## Let's cozy up at Kubo Amadeo P8

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 36 10.00 JUNE 5 - JUNE 11, 2023

# Teodoro is new defense secretary; Herbosa is new health chief

PRESIDENT Ferdinand Marcos Jr. appointed on Monday, June 5, 2023, lawyer Gilberto Teodoro Jr. and Dr. Teodoro Herbosa as secretaries of the Department of National Defense (DND) and Department of Health (DOH), respectively.

Teodoro held the same position during the administration of President Gloria Macapagal-Arroyo from 2007 to 2009.

He was the youngest to hold the position at the age of 43; he also served as a three-term member of the House of Representatives representing the First District of Tarlac.

Teodoro was topnotcher in the 1989 Philippine Bar examination and has obtained a Master's degree in Law from Harvard University.

"Notably, he was recognized as a Leadership Awardee and Seminar Academic Excellence Awardee during his time at the Air Command and Staff College, Air Education and Training Command Philippine Air Force Command and Staff Course in 2001," the Presidential Communication Office (PCO) said.

In 2003, he attended the Joint and Combined Staff Officers Course, Class Nr 1, JCSC in Camp Aguinaldo, where

See page 2



DND Sec. Teodoro



DOH Sec. Herbosa



## MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

# Suntok sa buwan ang MIF

PIRMA na lang, batas na ang Maharlika Investment Fund (MIF) na hinihiling ni Sen. Koko Pimentel III sa pangulo na iyon ay i-veto dahil sa pangambang na malaking peligro na mapupunta lang sa wala ang bilyon-bilyong pisong pondo sa tinatawag na sovereignty fund.

Tutol din si Sen. Chiz Escudero sa MIF Bill na nanalo sa botong 19 Yes, 1 No, 1 Abstention at sa House of Representatives (HoR) ay kumuha ng 90 percent na Yes votes o 282 sa 312 na kongresista na co-author ng batas na sinertipikahang "urgent" ni Presidente Bongbong Marcos.

Ilang grupo naman ang nagsabi na kukuwestiyonin ang MIF sa Supreme Court dahil ito raw ay labag sa Constitution.

Malaking peligro ang ilagak na kapital o sapi sa mga negosyo ang MIF na hindi lantad sa taumbayan kung sino-sino ang hahawak ng pondo, at ano ang risk o tsansa na kikita ang pondo na dapat ay sa proyekto na mapakikinabangan at kahit paano ay magpapagaan sa mabigat na pasanin sa pamumuhay ng mahigit na 100 milyong Filipino.

Tinawag ni Escudero na "Leap of faith to the great unknown" ang MIF na sa karaniwang Pinoy, ito ay wika nga ay "Suntok sa Buwan."

Masyadong minadali, hindi pinag-aralang mabuti ang panukalang batas, ayon kina Pmentel at Escudero na sinang-ayunan ni dating Kongresista Neri Colmenares.

Dahil daw ba nais ni PBBM na maisabatas agad ang IMF nagtulong sina Speaker Martin Romualdez at Senate Pres. Migz Zubiri na aprubahan ito, at malaking tanong, may kakabit bang "ganansiya" sa mga bumoto ng "Yes" sa panukala?

Biglang naungkat ang ipinamigay na P100-milyong "pakimkim" ni Pres. Noynoy Aquino sa mga senador noong Pebrero 2012 para sipain sa Supreme Court si Chief Justice Renato Corona sa gawa-gawang paratang na korapsyon.

Kung may "pakimkim" sa 20 senador na pumabor sa impleachment ni Corona, di malayong paniwalaan, may tumanggap din niyon sa mga kongresista mula kay Noynoy?

Nitong 2022, matapos ang 7 taon ng pagyao ni Corona, sinabi ng Supreme Court, inosente,

Sundan sa pahina 3

# Cavite City sinariwa unang pag-wagayway ng watawat ng Pilipinas



Mayor Denver Chua

SINARIWA ng pangkat ng historical reenactors of the Republica Filipina Reenactment Group (RFRG) ang makasaysayang pagtataas at pagwagayway ng watawat ng Pilipinas kamakailan sa siyudad ng Cavite.

Sumaksi sa okasyon si Mayor Denver Chua, panauhing pandangal Dr. Emmanuel Calairo, chairperson ng Nationasl Historical Commission of the Philippines (NHCP), mga opisyal ng pamahalaang lokal, mga residente ang pagpupugay sa bandila, pasimula sa gaganaping pagdiriwang ng ika-125 na Araw ng Kalayaan ngayong Hunyo 12.

Ayon sa kasaysayan, natalo ng tropang Imuseno sa pamumuno ni Col. Hipolito Saquilayan ang mga Kastila sa pamumuno ni Gen. Leopoldo Pena sa Labanan sa Alapan sa Imus noong Mayo 28, 1898.

Dinala ang nadakip na 300 talunang Kastila sa Cavite Puerto at sa loob ng Teatro Caviteno at doon, itinaas at iwinagayway ni Gen. Emilio Aguinaldo ang replika ng bandera ng Pilipinas na dala niya mula sa Hong Kong.

Nanumpa sa harap nina Mayor Chua at Calairo ang mga bagong opisyal ng Cavite City Historical Society sa pamumuno ni Edwin Guinto.

# Barzaga pinuri... *mula sa p.1*

Sa panahong ito, sabi ni Barzaga na hindi makatutulong sa bansa ang iringang politika.

Aniya, malaki ang naitulong ni Romualdez upang maipanalo ang kandidatura ni Duterte noong eleksiyon ng 2022.

"The Speaker worked hard for then Davao City Mayor Sara Duterte's vice presidential bid because he genuinely believed that she would make a difference," sabi ni Barzaga,

Umaasa siya na sa huli, matatapos din ang hidwaan nina Duterte at Romualdez -- na pinsang buo ni Marcos.

"Their rift is sad news and I hope that it will be mended soon," sabi pa ni Barzaga.



VP Sara Duterte



Speaker Romualdez

# PH, Israel agree on enchanced agriculture, water management collaboration

THE PHILIPPINES and Israel agreed on a strengthened partnership in agriculture, water management, as well as in establishing direct flights between the two countries, following a meeting on Monday, June 5 by President Ferdinand R. Marcos Jr. with Israeli Foreign Minister Eli Cohen in Malacañang.

Cohen told the President that his country can work with the Philippines on agriculture to ensure food security.

"I think that we can work together on the segment of agriculture. I just let you know that our land, 60 percent of our land is desert. But although 60 percent of our land is desert, we were able to provide all our water needs," Cohen said, suggesting that the two nations open an agricultural hub to push the initiative.

"And I think that we can work together and let's say that less import, more export for the Philippines. And I think that we can work together."

Aside from agriculture, Cohen said the Philippines and Israel can also collaborate on water management, noting Israel's vast experience in this sector.

Because of water scarcity, Israel has been reusing large portion of its water resources and it can share its experience in water management with the Philippines, he said, suggesting that an Israeli expert can visit the Philippines to provide advice.

President Marcos said he was glad the Israeli official brought up the issue because agriculture has been the Philippines' priority particularly in improving the economy.

"So, the offers that you make for assistance and partnership in those two areas are very, very welcome," the President said.

In terms of water management, the Philippines, he said, is looking at Israel and Singapore for best practices that the country can imitate.

In the meeting, Cohen raised the issue of establishing direct flights between the Philippines and Israel to boost tourism and economic ties.

"There's another thing that we, both of us, took for an action item - (it) is to have a direct flight... your external sea between Israel and the Philippines," Cohen said referring to his earlier meeting with Filipino officials. **| PND**

# Teodoro is new... *from page 1*

he was honored as a Leadership Awardee.

Herbosa, on the other hand, served as DOH underscretary from 2010 to 2015, contributing to various initiatives such as the Hospital Accreditation Commission, Modernization of the Philippine Orthopedics Center, and promoting Public-Private Partnerships in Health.

He also held the positions of former undersecretary and concurrent director of the DOH-National Capital Regional Office.

Herbosa finished medicine at the University of the Philippines Manila after obtaining a bachelor's degree in Biology in UP Diliman.

He held key positions such as executive vice president of the University of the Philippines System, chief Division of Trauma at the Department of Surgery, Philippine General Hospital, chairman of the Board for Physicians for Peace Philippines, and 3rd vice president of the UP Alumni Association.

He also served as international consultant in several countries, including Palau, Maldives, Malaysia, Pakistan, India, Bangladesh, Nepal, Vietnam, Tunisia, and Thailand, making notable contributions to emergency medicine and trauma care.

During the coronavirus disease pandemic under the administration of former President Rodrigo Duterte, Herbosa served as a special adviser to the National Task Force Against Covid-19, offering expert guidance and contributing to the formulation of strategies to mitigate the impact of the virus.

The DOH has welcomed the appointment of Herbosa.

"Maasahan po ng ating bagong kalihim, Secretary Ted, ang taos pusong suporta ng buong DOH family," Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire said. **/PND**

# PR - 2nd Quarter NSED

THE PROVINCIAL government of Cavite through the Office of the Provincial Disaster Risk Reduction Management Officer (OPDRRMO) participated in the conduct of the 2nd Quarter Nationwide Simultaneous Earthquake Drill on Thursday, June 8, 2023 at the Provincial Capitol and Provincial Health Office compound in Trece Martires City.

As the drill commenced, employees of the provincial government promptly executed the prescribed safety measures.

Upon hearing the drill's signal, employees practiced the "Drop, Cover, and Hold" protocol, and proceeded to the designated assembly points of evacuation.

This systematic approach to evacuation highlighted the province's preparedness measures in managing large-scale emergency situations./**PICAD**



## Suntok sa buwan... P.1

walang kasalanan ang dating chief justice.

Batay sa mga artikulong lumabas sa maraming pahayagan, nagalit si Noynoy Aquino kay Corona dahil sa utos noon ng SC sa pamilya Aquino-Cojuangco ang lupa ng Hacienda Luisita na ipamahagi na lupa sa mga magsasaka sa asyenda.

Sa isyu ng MIF, idinahilan ni PBBM na kailangan ito upang mapalakas, mapasigla ang ekonomya ng bansa at ayon sa sponsor ng Bill, Sen. Mark Villar, makatutulong daw ang investment fund na sagot sa kahirapan ng mamamayang Filipino. (" "I believe poverty is a matter of emergency and our need to exit this situation is of utmost urgency.")

Kantyaw ng netizen: Kung ang presyo ng sibuyas na tumataas uli sa mahigit na P500/kilo ay hindi masolusyonan ng administrasyong Marcos, nasa malaking panganib ang bilyon-bilyong pisong pondo ng MIF.

'Yung expensive electric and water bill; mataas na presyo ng fuel, patuloy na rising costs of food and basic commodities, education, health at iba pa, maso-solve na ba ito ng MIF?

Wag po sanang magkatotoo ang paniniwalang "Suntok sa buwan" ang MIF at ang hinalang ibubulsa lamang ito ng mga kurap at gahaman sa salapi ng mga taong gobyerno at ng kasabwat na tusong negosyante sa Pilipinas.

Nasabi ko ito, kasi maraming MIF sa ibang bansa, sa kabila ng sobrang maingat na pag-aaral para hindi malugi, nangyaring nalugi pa rin.

Saka, yung sinabi ni PBBM na hindi gagalawin ang state pensions tulad ng SSS, GSIS, PhilHealth, at iba pa, very good po, pero paano kung hindi iba na ang pangulo?

Sana po, kung may gagawing investment, i-publish sa website ng gobyerno, ilathala sa iba-ibang social media platforms, at sa mga print and online news and information sites.

Sana rin po, hindi ito maging "Suntok sa Buwan" at ang pera ng sovereign Filipino people ay mapunta sa wala o mapunta lamang sa bulsa ng mga gahaman sa gobyerno.

Bago kami, magtapos, binabati namin ng "Happy Celebrations of more life" sa ating former Imus City Vice Mayor Mandy Ilano ngayong Hunyo 9.

Isang magaling na public servant na ngayon po, si Sir Mandy ay maligayang namumuhay bilang private citizen at abala sa pagma-manage ng kanyang mga negosyo.

Muli, happy birthday po, Vice Mayor Mandy Ilano.



**Happy birthday, Sir Mandy Ilano**

# Food Stamp para mabawasan ang gutom!



**Sa Ganang Akin**

by Adela R. ZAMORA

IT aims ro alleviate hunger in the country, sabi ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at ang tinutukoy ay ang balak na pamimigay ng Food Stamp sa mahihirap na pamilyang Filipino.

Maganda bang idea ito -- na siguro nga, dahil okey sa ating Pangulong Marcos.

Ngayong Hulyo sabi ni DSWD Secretary Rex Gatchalian ay target niyang makinabang sa programang ito na "walang gutom" ay 3,000 pamilya, at pag maayos ang pagpapatupad, dagdag na 300K pamilya ang bibigyan ng libreng pagkain na tatapos daw sa gutom.

At sabi pa ni Sec. Gatchalian sa susunod na mga taon, target na mabigyan ng Food Stamp ay isang milyong pamilya.

Hindi literal na pakete ng pagkain ang ipamimigay, ayon sa disenyo ng programa at sa pagkaintindi ko, bibigyan ng electronic card na may halagang P3K sa bawat isang pamilya na aabot nga sa bilang -- sa unang bahagi -- na 3,000.

'Yun daw pamilyang ang kinikita lamang sa loob ng isang buwan ay mas mababa sa P8,000 ang qualified na makasali sa programang ito , ayon sa DSWD.

Sa Food Stamp program na ito, sabi ni Gatchalian, sapat ito na makababawas sa pagkagutom at kahirapan ng mga pamilyang walang-walang ikakaya sa buhay.

Unang makikinabang sa programa ay mga pilot area sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao, at iba pang malayo rehiyon o probinsiya, mga urban poor at lugar na madalas tamaan ng kalamidad.

Mga tanong: Paano ang mga seniors na walang pension at yung may tinatanggap, wala pang higit sa P4,000 ang natatanggap?

'Yung mga solo parents, pamilyang may PWDs na hirap na hirap sa buhay, siguro at mungkahi na unahin sila, at madali naman itong malalaman, pagkat may listahan sila sa lokal na opisina ng DSWD sa mga lokal na pamahalaan.

Dapat din silang maisali sa programa nang mabawasan ang kanilang kagutuman.

@@@

Still waiting po sa approval na makuha ko na ang benepisyo sa SSS mula sa namayapa kong anak -- na taon na rin ang binibilang sa matagal kong paghihintay.

SSS management, tanging ako ang beneficiary sa aking anak na si Francis R. Zamora at umaasa ako sa inyong pangako na maire-release ang claim ko.

May utos na po ang ating Pangulong Bongbong Marcos na ang mga transaksyon, claims na tulad ng sa akin ay mabilis na asikasuhin at bawasan na ang mga rekisitos o documentation.

Salamat po. (arz777@yahoo.com)

# *A Public Apology*

***Last June 8, I received a letter, signed by Atty. Angelita P. Ramos, addressed to me, Domz B. Caoile, publisher of this paper, BantayBalita.***

***The letter said: "Our client, Mrs. Gina Reyes has referred to our office the matter of defamatory article which alluded to her as a mean, unreasonable and ill-mannered principal of Buhay na Tubig Elementary School."***

***The attorney said that the said article put her client in bad light "as you did not ask her permission or consulted her to take her side of the story before you publish the said article."***

***Further, the letter said: "We, therefore give you this last opportunity to issue a public apology in your newspaper and social media within five days from receipt of this demand. Should we fail to hear from you within the period given, we will take it to mean that you have not conceded and no intent to straighten this matter, and we have no recourse but to file the necessary action in court to protect the interest of our client."***

***In response to Atty. Ramos' letter we are publishing hereunder A Public Apology, addressed to Mrs. Gina Reyes.***

***June 9, 2023***

***MRS. GINA REYES***
***Principal, Buhay na Tubig Elementarty School,***
***Brgy. Buhay na Tubig, Imus City, Cavite***

***Dear Mrs. Reyes:***

***I am writing this letter to apologize for not informing you about the letter that was published in this paper, Letter to the Editors, titled, "Sana po ay mapakinggan," dated issue: May 29-June 4, 2023.***

***I understand that this has caused you a great deal of inconvenience and I am truly sorry for that.***

***Thank you for the reminder that: first, I should have informed you about the said Letter and take your side of the "panawagan" of which my editor has failed to do so.***

***For this, I offer my sincere apologies for any trouble that this may have caused you.***

***I assure you that this does not happen again in the future.***

***Sincerely,***

***Domz B. Caoile***
***Publisher,***
***BantayBalita News Publishing Services***
***Block 2, Lot 27 Camella Barcelona Phase 1***
***Brgy. Buhay na Tubig, Imus City, Cavite***

***N.B. A copy of this letter signed by Mr. Caoile has been sent to the office of Mrs. Gina Reyes.***

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters: GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor: RUEL FRANCISCO

member PAPI PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*



*At the center, 7th from right, CarSiGMA Rep. Atty. Roy Loyola presented to the officials of Carmona Social Welfare and Development Office the Mobile Kitchen that will be used to mitigate hunger to the poor families of the 5th District of Cavite.*

# Rep. Loyola donates mobile kitchen

A MOBILE kitchen is now being used to help address hunger in the municipalites of Carmona, Silang and General Mariano Alvarez (GMA).

In her Facebook page, Carmona Mayor Dahlia Loyola said that the mobile kitchen was a personal donation of 5th Cavite District Rep. Roy Loyola to help address hunger of the people of CarSiGMA (Carmona, Silang, and General Mariano Alvarez.)

"Idinaos kasabay ng ating regular Flag Raising Ceremony ang turnover ng CarSiGMA Mobile Kitchen na personal na tulong ng ating 5th District Representatibe, Cong. Atty. Roy M. Loyola para sa mga taga-CarSiGMA.

The Carmona Municipal Social Welfare and Development Office will serve as caretaker of the mobile kitchen.

The mobile kitchen will surely be a big help not only to the people of Carmona, but to the entire CarSiGMA, Mayor Loyola said.

The mayor thanked the lawmaker, her husband, for this equipment, saying,"Amin po itong pagyayamanin para mas makapagbigay pa ng dekalidad na serbisyo publiko sa mga mamamayan." **/DOMZ B. CAOILE**





# SM Foundation renews partnership with the DA to promote urban gardening



*Left to right: Psay City Chief of Staff Peter Eric Pardo, Pasay City Tourism and Cultural Affairs Office Chief Terestia Calixto-Robles, Department of Agriculture (DA)-Bureau of Plant Industry Director Gerald Glenn Panganiban. SM Supermalls Senior Vice President for Operations Bien Mateo, DA Senior Undersecretary Domingo Panganiban, SM Foundation Executive Director Deborah Sy, and SM Foundation Assistant Vice President for Outreach Program Cristina Angeles renew the Memorandum of Agreement (MOA) on SM Supermalls' commitment to making urban gardening available in 21 more SM malls held last May 29, 2023 at the SM Mall of Asia.*

THE DEPARTMENT of Agriculture (DA) and SM Supermalls, through its corporate social responsibility arm, SM Foundation renewed their Memorandum of Agreement (MOA) last May 29, 2023 at the SM Mall of Asia. The partnership seals SM Supermalls' commitment to making urban gardening available in 21 more SM malls.

As a staunch advocate of green and sustainable living, SM Supermalls has long championed urban gardening as an essential component of a sustainable lifestyle.

In 2015, the SM Foundation introduced the Urban Edible Garden Training as part of the Kabalikat sa Kabuhayan Farmers' Training Program, with the objective of enhancing food security and providing alternative livelihood opportunities in urban areas.

Since then, SM has remained unwavering in its commitment to fortifying the agricultural industry of the Philippines.

Rooftop urban gardens have been successfully established at SM City North EDSA, SM City Fairview, SM City Sta. Mesa, and SM City East Ortigas, serving as beacons of urban gardening excellence.

In the years to come, SM aims to further enrich the program by establishing additional gardens and increasing its visibility among mallgoers.




*From left: SM Supermalls Senior Vice President for Operation Bien Mateo, DA Senior Undersecretary Domingo Panganiban, and SM Foundation Executive Director Deborah Sy.*

# The President's Privileges

1. Malacañang Palace: The official resident of the President of the Philippines. Photo by Val Handumon/Contributor
2. Presidential Seal: With the coat of arms, the seal is the symbol of the President.
3. Presidential Car: Bulletproof Mercedes-Benz W221 S-class sporting the license plate No. 1, the Philippine flag and presidential standard.
4. Presidential Plane: The Fokker F27 or F28 is called "Kalayaan One" when the President is on board.
5. Presidential Yacht: 2,200-ton motor yacht called BRP Ang Pangulo.
6. Presidential Security Group: Provides security for the President and his family.

Past Presidents are also afforded a few government perks as mandated by the executive department, beginning right after their terms have ended until their deaths.

1. Annual pension. The former President of the Philippines is entitled to a life pension, tax free, of P96,000 annually, payable at the rate of P8,000 a month. Funds shall come from the National Treasury.
2. Security detail. A long-standing practice is for former Presidents to be given an officer-led security team from the Presidential Security Group (PSG) who will guard and secure him/her for the rest of their lives.
3. Franking privilege. Former Presidents enjoy free postage for all mail matters, such as letters, money orders and other printed materials authorized by the government to be delivered within the Philippines through the postal service. The envelope or wrapper of the mail matter shall bear the name of the President on the left corner.
4. Diplomatic passport. Former Presidents will continue to carry diplomatic passports. When they travel abroad, they will be met by Philippine Embassy o cials in the country they are visiting and are expected to be extended some courtesies by the host country.

# 1st general assembly of PGC employees with disabilities

THE OFFICE of the Provincial Person with Disability Affairs Officers (OPDAO) has successfully held the first general assembly of Povincial Government of Cavite (PGC) employees with disabilities at the Provincial Gymnasium, Trece Martires City on Monday, June 5, 2023.

Ms. Marie Shiela Antenor-Haloc, head of OPDAO, presented a discussion on the laws and rights protecting persons with disabilities, while Ms. Maria Fe Satsatin, head of OPHRMO, facilitated the election of HR committees' representatives, showing their importance in the organization.

The newly-elected representatives were comprised of Mr. Rommel Gatdula for HRMPSB PWD, Ms. Cenizal Feranil for PMT PWD, Mr. Ariel Jarin for PRAISE PWD Representative, and Ms. Maricar Mendoza for HRDC PWD.

This event was graced by Hon. Romel R. Enriquez, 1st District Board Member and Committee Chairperson on Social Services, Family, Women, Children and Elderly./ **PICAD**







# Medical and Dental Mission in Tropical Village, Gen. Trias City

IN response to the call of Barangay Captain Walter Martinez, the Office of the Provincial Governor Medical Mission Team organized a commendable health outreach event at Tropical Village, City of Gen. Trias, on Monday June 5.

Doctors, dentists, and volunteers from General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital generously offered free check-ups, consultations, tooth extractions, and medicine to the community.

A total of 392 people were able to obtain free medical consultations thanks to the joint efforts of medical professionals and dedicated volunteers.

The team concentrated on diagnosing and treating common ailments, providing much-needed information and confidence to patients who frequently face barriers to healthcare.

Dental health experts treated 30 patients receiving free tooth extractions with much comfort and safety. **/PICAD**









